7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Quarter 3

Aralin

1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Jennet F. Pajura (West Visayas State University)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtuklas at pagpapaunlad ng sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagpapaunlad ng mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa bilang tanda ng tiwala sa sarili. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa tiwala sa sarili sa pamamagitan ng palagiang pagkilos ng mga paraan na tutugon sa kaniyang layunin sa pagpapaunlad ng talento at hilig.**<br>a. Natutukoy ang mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa.<br>b. Naipapaliwanag na ang pagtuklas at pagpapaunlad ng sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa ay nakatutulong sa pagtupad sa mga tungkulin, pagbuo ng pananaw sa ninanais na propesyon (kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay), at paglilingkod sa kapuwa ayon sa kaniyang kakayahan.<br>c. Naisasakilos ang pagpapaunlad ng mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa. |
| **C. Nilalaman** | Pagtuklas at Pagpapaunlad ng Sariling Talento at Hilig Kaagapay ang Kapuwa |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Tiwala sa Sarili (*Self-confidence*) |
| **E. Integrasyon** | Iba pang uri ng *Qs* (*adversity quotient, emotional quotient*, atbp.) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Edukasyon sa Pagpapakatao 7 (2012). (Units 1 & 2) Learner's Material. (Ikalawang Bahagi) Unang Edisyon<br>Forbes (2022). Using Intelligence Quotients Creatively Can Help You Build A Dynamic Team [Online Article]. https://www.forbes.com/sites/karadennison/2022/06/17/using-intelligence-quotients-creatively-can-help-you-build-a-dynamic-team/<br>Gonzales, S. M. (2020). Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang Alternative Delivery Mode Unang Markahan – Modyul 3: Pagpapaunlad ng Tiwala sa Sarili Unang Edisyon.<br>Hagibiz EsP (2020, October 22). Edukasyon sa Pagpapakatao 7 Modyul 3 Pagpapaunlad ng Tiwala sa Sarili MELC Based. https://youtu.be/SHTqCyXlV5k |

Karlekar, D. L. (2020). What is IQ, EQ, SQ, AQ? Linkin [Online Article]. https://www.linkedin.com/pulse/what-iq-eq-sq-aq-dev-karlekar
Pardillo, M. (2020). Edukasyon sa Pagpapakatao-Ikapitong Baitang Alternative Delivery Mode Unang Markahan – Modyul 5: Talento mo, Tuklasin, Kilalanin at Paunlarin Unang Edisyon.
Siason, A. (2023). Posible Kaya? [Lesson Activity]. West Visayas State University
Siason, A. (2023). Pagtukoy at Pagtataya ng Iba Pang Uri ng Talino [Lesson Activity]. West Visayas State University
Siason, A. (2023). Situwasyon ay Suriin, Talinong Kailangan ay Tukuyin! [Lesson Activity]. West Visayas State University
Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Balik-Aral**<br>**Magpares - Mag-isip – Magbahaginan**<br>Sa nakaraang aralin ay inyong natutuhan na ang pag-unlad ng teknolohiya at ang mabilis na urbanisasyon ay nagdudulot ng malalim na pagbabago sa ating kalikasan. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng bawat pamilya sa pagtugon sa mga pagbabagong ito. Sa ganitong konteksto, lumilitaw ang kahalagahan ng mga pamamaraan sa pagtuklas upang mapanatili ang kaayusan at kasaganaan mula sa kalikasan.<br>Bilang pagbabalik-aral, ang klase ay magkakaroon ng pandalawahang gawain.<br>1. Papiliin ng kapareha ang mga mag-aaral.<br>2. Ang dalawang mag-aaral ay magkakasundo kung sino ang unang mag-iisip ng isyung may kaugnayan sa pagbabago ng klima na tinalakay sa nakaraang aralin. Pagkatapos niyang banggitin ang isyu, ang kapareha niya ay magbibigay ng maikli at mabilisang sagot sa kung ano ang dahilan at epekto ng isyu. Magbibigay rin siya ng pampamilyang pamamaraan kung paano ito matutugunan.<br>3. Ang magkapares ay maghahalinhinan sa pagtanong at pagsagot hanggang sa maubos ang itinakdang oras ng guro. Ang unang bahagi ng gawain ay maaaring gawin sa loob ng 5 minuto lamang.<br>4. Sa ikalawang bahagi ng gawain, hihimukin ng guro ang magkapares na mag-isip ng kakaiba o malikhaing paraan sa pagtugon sa isyung kanilang napag- | Sa gawaing ito, maaaring dagdagan ng guro ang mga isyu tungkol sa pagbabago ng klima na naranasan o nalaman batay sa nakaraang aralin.<br>Bilang gabay sa ikalawang bahagi ng gawain, ang guro ay magbibigay ng halimbawa ng taong may natatanging kakayahan na ginamit upang personal na matugunan ang mga isyung may kaugnayan sa pagbabago ng klima.<br>Halimbawa:<br>Si Marcela Godoy ay isang gradweyt sa arkitektura na nakilala sa bansang Chile sa kaniyang mga gawa na may kaugnayan sa pagreresiklo ng mga *electronic wires* at *plug* upang gawin na alahas. |

| | | |
|---|---|---|
| | usapan. Itanong ito: *Kung isasaalang-alang ang inyong mga likas at natatanging kakayahan (innate and unique abilities), ano pa ang maaari ninyong magawa upang makatulong na matugunan ang pagbabago ng klima?* Bigyan ng 5 minuto ang mga mag-aaral para maisagawa ang pagbabahaginan.<br><br>Sa ikalawang bahagi ng gawain, inyong napagtanto na ang tao ay may likas na mga kakayahan na mag-isip at maging malikhain sa pamamaraan ng pagtugon hindi lamang sa mga isyung pangkalikasan kundi maging sa iba pang suliranin na maaaring kakaharapin ng tao. Ang personal na kakayahang ito ay mayroong kaugnayan sa likas na talino at talento na ipinagkaloob sa tao. Ang susunod na aralin ay magpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa pagtuklas at pagpapayabong ng inyong talino, talento, at hilig tungo sa mas makabuluhan at produktibong pamumuhay na may positibong ambag sa lipunan. | Natutuhan ni Marcela kung paano gumawa ng iba't ibang uri ng buhol (*knots*) na karaniwang ginagawa gamit ang lubid. Ang mga diskarteng ito ay maaaring kopyahin gamit ang mga *wire* at *cable* sa halip, at ang mga pagtuturo sa paggawa ng mga *pattern* na ito ay madaling mahanap *online*. Sa pamamagitan ng proyekto, sinisikap ni Marcela na hikayatin ang mga tao sa lahat ng dako na mag-eksperimento sa mga ito o sa kanilang sariling mga *pattern*, gamit ang kanilang sariling elektronikong basura upang lumikha ng maganda at *environmentally conscious* na alahas.<br>Makikita ang mga larawan ng iilan sa kaniyang mga likha sa link na ito: https://inhabitat.com/elle-turns-e-waste-into-unique-and-eye-catching-jewelry/?fbclid=IwAR1Bp1lI6hwwu6O2tXATxWdY9DKA1ULIq3OvWkV_R5jvHrxbGr2T2qo7cJ0 |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Lakbay-Suri**<br>Basahin at sundin ang sumusunod na mga hakbang para maisagawa ang gawain.<br>1. Maglalagay ang guro ng tatlong upuan sa harapan. Idikit sa upuan ang mga salitang TALENTO, TALINO, at HILIG.<br>2. May mga salitang babanggitin ang guro. Pipili at tatayo ang mga mag-aaral kung alin sa tatlong salita (talento, talino, o hilig) ang sa tingin nila ang naaangkop na kategorya ng kanilang kakayahan na gawin ang nabanggit na mga salita. Mga babanggiting salita:<br>1. Pagsayaw 6. Pag-imbento ng mga bago o kakaibang kasangkapan<br>2. Pagkanta 7. Pag-aalaga ng mga hayop<br>3. Pagbabasa 8. Pagtuturo sa iba ng pagsulat ng tula, kuwento, o awit<br>4. Pagtugtog 9. Pagguhit/Pagpipinta<br>5. Pagluto 10. Paghahalaman<br>3. Pagkatapos banggitin ang unang salita/mga salita at makapili ang mga mag-aaral ng angkop na kategorya para sa sarili, pipili ang guro ng iilang estudyante upang maipaliwanag ang pagsusuri nila sa kanilang kakayahan. Ipabahagi sa mag-aaral ang dahilan kung bakit nasabi nilang talino, talento, o hilig nila ang nabanggit na salita/mga salita.<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | **Lakbay-Suri**<br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang paggamit ng kakayahan at kaalaman ay nagiging daan tungo sa mas mataas na antas ng tagumpay at pag-unlad. Ang kahandaang magsanay ng talino at ang kakaibang husay na taglay ng tao ay nagiging pundasyon ng paglago at pag-usbong. Para sa epektibong paggamit ng mga likas na kakayahang ito, **ang unang hakbang ay ang pag-alam at pag-unawa sa kagalingang taglay.** Upang lubos na maunawaan ang konsepto ng talino, talento, at hilig, gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan at pagtukoy sa kaibahan nila pagkatapos ng gawain.<br>**Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Hulasalita**<br>Mga Sagot: 1. Talento 2. Talino 3. Hilig. Sa pagkakataong may mga hadlang pa na salita/mga salita na hindi nauunawaan ng mag-aaral ay ang guro na ang gagabay para sa mas maayos na daloy ng talakayan. |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Kaugnay na Paksa 1: Pagtukoy sa mga Uri at Ugnayan ng Talino, Talento, at Hilig**

**I. Pagproseso ng Pag-unawa**

Itanong sa mag-aaral: ***Bakit mahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talino, talento, at hilig?*** Ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talino, talento, at hilig ay naglalayong mapabuti ang buhay ng isang tao sa personal, propesyonal, at sosyal na aspekto. Ito ay nagbibigay-daan sa mas maligaya at mas makabuluhang pamumuhay sa lipunan.

Sinasabi na ang talento at talino~~,~~ ay may kinalaman sa *genetics* o mga pambihirang katangiang minana sa magulang o talagang taglay na natin bago pa tayo isinilang. Ang pagkahilig naman sa isang bagay o gawain ay maaaring mapukaw dahil may kaugnayan ito sa likas na kakayahang taglay natin o maaaring impluwensiya ng ibang tao o ng ating karanasan.

**Uri ng mga Talino ayon kay Howard Gardner**

Isang napakahalagang teorya ang binuo ni Dr. Howard Gardner noong 1983, ang teorya ng ***Multiple Intelligences***. Ito ay nagbigay-daan sa panibagong perspektibo tungkol sa talino na kakaiba sa tradisyonal na kahulugan ng katalinuhan. Ayon sa teoryang ito, ang mas angkop na tanong ay "Ano ang iyong talino?" at hindi, "Gaano ka katalino?" Ayon kay Gardner, bagama't lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Ang mga ito ay:

| Uri ng Talino | Kakayahan/Palatandaan | Posibleng Trabaho/ Ginagawa |
|---|---|---|
| 1. *Visual/ Spatial* | Ang taong mabilis matututo sa pamamagitan ng paningin at pag-aayos ng mga ideya. Nakagagawa siya nang mahusay na paglalarawan ng mga ideya na kailangan din niyang makita ang paglalarawan upang maunawaan ito. May kakayahan siya na makita sa kaniyang isip ang mga bagay upang makalikha ng isang produkto o makalutas ng suliranin. May kaugnayan din ang talinong ito sa kakayahan sa matematika. | sining, arkitektura, at inhinyero |
| 2. *Verbal/* | Ito ang talino sa pagbigkas o pagsulat ng | pagsulat, |

**Uri ng mga Talino**

Maaaring ipresenta ang aralin gamit ang grapikong pantulong. Para maging interaktibo ang pagtuturo, puwedeng makalap ang iba pang mga kaugnayan na konsepto sa mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| *Linguistic* | salita. Kadalasan ang mga taong may taglay na talinong ito ay mahusay sa pagbasa, pagsulat, pagkukuwento, at pagmememorya ng mga salita at mahahalagang petsa. Mas madali siyang matuto kung nagbabasa, nagsusulat, nakikinig, o nakikipagdebate. Mahusay siya sa pagpapaliwanag, pagtuturo, pagtatalumpati, o pagganyak sa pamamagitan ng pananalita. Madali para sa kaniya ang matuto ng ibang wika. | abogasya, pamamahayag (*journalism*), politika, pagtula, at pagtuturo |
| 3.*Bodily/ Kinesthetic* | Ang taong may ganitong talino ay natututo sa pamamagitan ng mga kongkretong karanasan o interaksiyon sa kapaligiran. Mas natututo siya sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katawan, tulad halimbawa sa pagsasayaw o paglalaro. Sa kabuoan, mahusay siya sa pagbubuo at paggawa ng mga bagay gaya ng pagkakarpintero. Mataas ang tinatawag na *muscle memory* ng taong may ganitong talino. | pagsasayaw, isports, pagiging musikero, pag-aartista, pagiging doktor (lalo na sa pag-oopera), konstruksiyon, pagpupulis, at pagsusundalo |
| 4.*Mathematical/ Logical* | Taglay ng taong may talino nito ang mabilis na pagkatuto sa pamamagitan ng pangangatuwiran at paglutas ng suliranin (*problem solving*). Ito ay talinong kaugnay ng lohika, paghahalaw, at numero. | *mathematician, chess player, computer programming* |
| 5.*Musical/ Rhythmic* | Ang taong nagtataglay ng talinong ito ay natututo sa pamamagitan ng pag-uulit, ritmo, o musika. Hindi lamang ito pagkatuto sa pamamagitan ng pandinig kundi pag-uulit ng isang karanasan. Likas na nagtatagumpay sa larangan ng musika ang taong may ganitong talino. | *musician*, kompositor, o *disk jockey* |

| | | |
|---|---|---|
| 6.*Intrapersonal* | Sa talinong ito, natututo ang tao sa pamamagitan ng damdamin, halaga, at pananaw. Ito ay talino na kaugnay ng kakayahan na magnilay at masalamin ang kalooban. Karaniwang ang taong may ganitong talino ay malihim at mapag-isa o *introvert*. Mabilis niyang nauunawaan at natutugunan ang kaniyang nararamdaman at motibasyon. Malalim ang pagkilala niya sa kaniyang angking mga talento, kakayahan, at kahinaan. | *researcher*, manunulat ng mga nobela, o negosyante |
| 7.*Interpersonal* | Ito ang talino sa interaksiyon o pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ito ang kakayahan na makipagtulungan at makiisa sa isang pangkat. Ang taong may mataas na *interpersonal intelligence* ay kadalasang bukas sa kaniyang pakikipagkapuwa o *extrovert*. Siya ay sensitibo at mabilis na nakatutugon sa pagbabago ng damdamin, motibasyon, at disposisyon ng kapuwa. Mahusay siya sa pakikipag-ugnayan nang may pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba. Siya ay epektibo bilang pinuno o tagasunod man. | kalakalan, politika, pamamahala, pagtuturo o edukasyon, at *social work* |
| 8. *Naturalist* | Ito ang talino sa pag-uuri, pagpapangkat, at pagbabahagdan. Madali niyang makilala ang mumunti mang kaibahan sa kahulugan. Hindi lamang ito angkop sa pag-aaral ng kalikasan kundi sa lahat ng larangan. | *environmentalist*, magsasaka, o *botanist* |
| 9. *Existential* | Ito ay talino sa pagkilala sa pagkakaugnay ng lahat sa daigdig. “Bakit ako nilikha?” “Ano ang papel na gagampanan ko sa mundo?” “Saan ang lugar ko sa aking pamilya, sa paaralan, sa lipunan?” Ang talinong ito ay naghahanap ng paglalapat at makatotohanang pag-unawa ng mga bagong kaalaman sa mundong ating ginagalawan. | *philosopher, theorist, religious life* (hal.: pari, madre, pastor, atbp.) |

**IKALAWANG ARAW**

**Mga Hilig ayon kay John Holland**

Nasasalamin ito sa mga paboritong gawain na nagpapasaya sa iyo dahil gusto mo at buo ang iyong puso na ibigay ang lahat ng makakaya nang hindi nakakaramdam ng pagod o pagkabagot. Ayon kay **Holland**, may anim na kategorya ng hilig ang tao.

| Kategorya ng Hilig | Kakayahan/Palatandaan | Posibleng Trabaho/ Ginagawa |
|---|---|---|
| 1. *Realistic* | Ang taong nasa ganitong interes ay mas nasisiyahan sa pagbuo ng mga bagay gamit ang kanilang malikhaing kamay o gamit ang mga kasangkapan kaysa makihalubilo sa mga tao at makipagpalitan ng opinyon. Ang mga taong realistic ay matapang at praktikal, at mahilig sa mga gawaing *outdoor*. | *forester, radio operator, auto engineer, mechanical engineer, mining engineer, vocational teacher, civil engineer, technician* |
| 2. *Investigative* | Ang mga trabahong may mataas na impluwensiya dito ay nakatuon sa mga gawaing pang-agham. Ang mga taong nasa ganitong interes ay mas gustong magtrabaho nang mag-isa kaysa gumawa kasama ang iba. Sila ay mayaman sa ideya at malikhain sa mga kakayahang pang-agham, isa na rito ang mga pananaliksik. Mapanuri, malalim, matatalino, at *task-oriented* ang mga katangian nila. | *economist, physician, anthropologist, astronomer, pathologist, physicist, chemist, production planner, medical lab assistant, biologist* |

**Mga Hilig**

Maaaring ipresenta ang aralin gamit ang grapikong pantulong. Para maging interaktibo ang pagtuturo, puwedeng magkalap ang iba pang mga kaugnayan na konsepto sa mga mag-aaral.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. *Artistic* | Ang mga taong may mataas na interes dito ay mailalarawan bilang malaya at malikhain, mataas ang imahinasyon, at may malawak na isipan. Nasisiyahan ang mga nasa ganitong interes sa mga situwasyon kung saan nakararamdam sila ng kalayaan na maging totoo, nang walang anumang estrukturang sinusunod at hindi basta napipilit na sumunod sa maraming mga panuntunan. Nais nila ang mga gawaing may kaugnayan sa wika, sining, musika, pag-arte, pagsulat, at iba pa. | *drama coach, language teacher, journalist, reporter, drama-teacher, dancing-teacher, foreign language interpreter, philosopher* | |
| | 4. *Social* | Ang mga nasa ganitong grupo ay kakikitaan ng pagiging palakaibigan, popular, at responsable. Gusto nila ang interaksiyon at pinaliligiran ng mga tao. Madalas na mas interesado sila sa mga talakayan ng mga problema o situwasyon ng iba at mga katulad na gawain, kung saan mabibigyan sila ng pagkakataong magturo, magsalita, manggamot, tumulong, at mag-asikaso. | *education, teaching, social welfare, human development, counseling, health professions (medicine, nursing*) | |
| | 5. *Enterprising* | Likas sa mga taong nasa ganitong grupo ang pagiging mapanghikayat, mahusay mangumbinsi ng iba para sa pagkamit ng inaasahan o *target goals*. Ang mga taong may mataas na interes dito ay madalas na masigla, nangunguna, may pagkukusa, at kung minsan ay madaling mawalan ng pagtitimpi at pasensiya. | *sales and marketing manager, banker, insurance underwriter, real estate appraiser, florist, industrial engineer, contractor* | |

| | | |
|---|---|---|
| 6. *Conventional* | Ang mga grupo o pangkat ng mga taong may mataas na interes dito ay naghahanap ng mga panuntunan at direksiyon; kumikilos sila nang ayon sa tiyak na inaasahan sa kanila. Sila ay maaaring mailarawan bilang matiyaga, mapanagutan, at mahinahon. Masaya sila sa mga gawaing tiyak, may sistemang sinusunod, maayos ang mga datos, at organisado ang rekord. | *clerical, administrative, time study analyst, business (commercial), teacher, finance expert, accountant* |

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Imbentaryo ng Talino, Talento, at Interes**

Ipasagot ang mga imbentaryo ng talino at interes na makikita sa sumusunod na *link*:

| | |
|---|---|
| ***Multiple Intelligences (M.I.) Inventory*** | https://www.kerstens.org/alicia/planning10/Multiple%20Intelligences%20Inventory.pdf |
| ***Holland's Career Interest Checklist*** | https://careerlinkhazleton.org/wp-content/uploads/2020/08/New-Holland-Career-Interest-Activity.pdf |

Pagkatapos sagutin ng mga mag-aaral ang imbentaryo, pipili sila ng kapareha na may talino, talento, o interes na kakaiba sa kanila para sa isang pagbabahaginang gawain.

**Mga gabay na tanong sa dalawahang pagbabahaginan:**

1. Sang-ayon ka ba sa naging resulta ng iyong imbentaryo? Bakit/Bakit hindi?
2. Kailan at paaano mo natuklasan ang iyong kakayahan at interes?

**Mga tanong para sa buong klase na talakayan:**

1. Nakompirma ba ng resulta ang nalalaman mo na tungkol sa iyong mga talento at interes? Ipaliwanag ang sagot.
2. May bagong natuklasan ka ba tungkol sa iyong sarili pagkatapos mong gawin ang pagtataya? Ibahagi sa klase.
3. Sa iyong palagay, may mga talino at talento ka pa ba na dapat tuklasin o linangin?
4. Bakit mahalaga na patuloy ang pagtuklas at paglinang ng tao sa kaniyang mga kakayahan?

**Imbentaryo ng Talino, Talento, at Interes**


Ang mga imbentaryo ay nasa wikang Ingles. Nararapat na gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsagot upang masiguro na naunawaan nila ang mga pahayag sa imbentaryo. Talakayin din ng guro ang paraan ng pag-iskor at pagbibigay-kahulugan sa resulta ng mga kasagutan.

Ang paunang pagsagot sa Imbentaryo ng Talino, Talento, at Interes ay magsisilbing takdang-aralin ng mga mag-aaral. Ang pagproseso ng interpretasyon at talakayan sa mga katanungan ay gagawin sa klase.

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Paano nakatutulong ang tiwala sa sarili para malinang mo pa ang iyong mga kakayahan?<br>**IKATLONG ARAW**<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Iba pang Uri ng Talino**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Posible Kaya?** (Siason, 2023)<br>Hatiin ang mga mag-aaral sa maliit na pangkat. Bibigyan ng dalawang *placard* ang bawat pangkat na may nakasulat na mga salitang POSIBLE at IMPOSIBLE. Ang guro ay magbibigay ng mga situwasyon na susuriin ng mag-aaral kung posibleng nangyayari sa totoong buhay. Pag-uusapan ng mga miyembro sa bawat pangkat kung ito ay posible or imposible para sa kanila. Sa hudyat ng guro, itataas ng pangkat ang kanilang napiling sagot. Pagkatapos ay hingan ng paliwanag ang grupo.<br>**Mga Situwasyon:**<br>a. Maaari kayang nakapagtapos naman ng pag-aaral ang isang tao at sadyang napakatalino subalit hanggang ngayon ay walang trabaho o di kaya ay palipat-lipat ng trabaho?<br>b. Maaari kayang magtagumpay sa buhay ang isang tao na hindi nakapagtapos ng pag-aaral?<br>c. Maaari kayang may mga taong wala talagang taglay na talino o talento?<br>**Iba Pang Uri ng mga Talino**<br>Ang karaniwan at tradisyonal na pag-unawa sa talino ay kilala bilang *Intelligence Quotient (IQ).* Ito ang sukatan ng antas ng pang-unawa at kakayahan ng isang tao na kilalanin at malutas ang problema, magsaulo ng mga bagay, at maalala ang mga aralin. Sinasabing hindi sapat ang kognitibong katalinuhan para magtagumpay ang isang tao. Ayon sa mga Sikolohiyang pag-aaral, maliban sa talas ng isip, may mga natatanging katalinuhan o kakayahan pa na dapat mapayabong ng tao upang siya ay magtagumpay sa buhay. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:<br>***Emotional Quotient* (EQ):** Ang sukatan ng emosyonal na katalinuhan, kamalayan sa sarili, at emosyonal na pagpipigil sa sarili. Ang emosyonal na | Gawain 2: *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Tanghalan ng Kagalingan**<br>Ang pagpapangkat sa gawaing ito ay gagawin sa unang araw upang mabigyan ng panahon ang mga mag-aaral na makapaghanda para sa presentasyon.<br>**Posible Kaya?**<br>Maaaring magdagdag ang guro ng situwasyon na may kaugnayan sa aralin.<br>**Mga tanong sa talakayan:**<br>1. Naging mahirap ba o madali para sa inyo ang pagsusuri at pagsang-ayon sa iisang sagot para sa grupo? Ipaliwanag ang sagot.<br>2. Ano ang naging batayan ninyo sa mga napiling sagot?<br>3. Anong mahalagang ideya tungkol sa talino o kakayahan ng tao ang inyong napagtanto sa gawain?<br>4. Maliban sa talas ng isip, ano pa ang mga kakayahan na dapat mayroon ang isang tao upang siya ay magtagumpay sa buhay? |

| | | |
|---|---|---|
| | katalinuhan ay nagpapaalam sa iyong kakayahang makaramdam ng empatiya—na may kaugnayan at pag-unawa sa iba't ibang pananaw. Ang EQ ay kritikal kapag ang iba't ibang personalidad, indibidwal na pangangailangan, at interes ang pinag-uusapan. Ang mga palatandaan ng mataas na EQ ay kinabibilangan ng:<br>• May kahusayan sa pakikisama sa kabila ng mga salungat na paniniwala. Sa halip na tumuon sa mga kapintasan o kaibahan ng ibang tao, ginagawa ng indibidwal ang kakayahang umangkop.<br>• Ang mga taong may mataas na EQ ay tumatanggap ng mga pagkabigo at natututo sa karanasan sa halip na sisihin ang iba.<br>• Kapag umamin sa kanilang mga pagkakamali, batid ng mga kandidato ang mga emosyon na dumadaloy sa kanilang mga aksiyon. Matutukoy nila ang mas mahusay na mga solusyon sa hinaharap.<br>• Bukas sila at humihingi ng *constructive feedback*. Ang isang mataas na EQ ay maaaring mapigil ang pagiging *defensive* kapag nahaharap sa pagpuna. Gusto nilang malaman kung paano sila makakapagganap nang maayos para matugunan o malampasan ang mga hamon.<br>***Adversity Quotient* (AQ):** Ang kakayahan ng tao na harapin at malampasan ang mga mahirap o mapaghamong situwasyon. Ang sukatan ng iyong kakayahan na dumaan sa isang masusing pagsisiyasat sa buhay. Maaaring masuri ang AQ sa pamamagitan ng pagmamasid sa kung paano tumugon ang indibidwal sa mga pang-araw-araw na hamon at mas makabuluhang problema.<br>• Gaano sila katapang sa mga oras ng kawalan ng katiyakan o kapag nahaharap sa mga hadlang?<br>• Naghahanap ba sila ng mga direktang solusyon, at maaari ba silang umangkop kapag ang mga iyon ay hindi sapat upang matugunan ang isang kumplikadong problema?<br>• Ano ang abot ng epekto kapag nakakaranas ng kahirapan? Bukod sa kung paano nila pinangangasiwaan ang mga hamon, nilalabanan ba nila ang kahirapan na nakakaapekto sa iba pang mga gawain?<br>***Social Quotient* (SQ)**: Ito ang sukatan ng iyong kakayahang bumuo ng isang pangkat ng mga kaibigan at mapanatili ito sa loob ng mahabang panahon. Katulad ng EQ, tinutukoy ng *social quotient* ang *cultural fit* at kamalayan sa sarili. Bagama't nakatutulong ang EQ na ayusin ang kamalayan sa sarili at pakikiramay, matutukoy ng SQ ang kakayahan ng isang tao na magtrabaho sa | |

| | | |
|---|---|---|
| | iba't ibang kultura. Ang mga taong may mataas na SQ ay may kamalayan sa organisasyon– kinikilala nila ang mga hindi nakatalagang tungkulin sa lugar ng trabaho upang tukuyin ang mga pinuno, nag-iimpluwensiya, at tagasunod. Naiintindihan ng mga matataas na SQ ang *power dynamics* at pinapalakas ang mga kasanayan sa komunikasyon sa pamamagitan ng pagkilala sa pinagbabatayan. Ang mga palatandaan ng mataas na SQ ay kinabibilangan ng:<br>• Kakayahang makipag-ugnayan sa mga tao sa mga di-berbal na paraan.<br>• Ang pagpapakita ng sarili bilang mapagbigay at bukas.<br>• Kakayahang maimpluwensiyahan ang mga situwasyong panlipunan upang matugunan ang mahahalagang layunin ng grupo.<br>Ayon sa pag-aaral, ang mga taong may mas mataas na EQ at SQ ay may posibilidad na mas magpapatuloy sa buhay kaysa sa mga may mataas na IQ ngunit mababa ang EQ at SQ. Ang isang tao na may mataas na IQ ay maaaring maging empleyado ng isang tao na may mataas na EQ at SQ kahit na siya ay may *average* na IQ.<br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay: Mga tanong sa talakayan: (Gawain 3)**<br>1. Ano ang ipinapahiwatig ng mga iskor na ibinigay mo sa iyong sarili?<br>2. Anong mga katangian ang masasabi mong kalakasan mo na?<br>3. Anong mga katangian ang dapat mo pang linangin?<br>4. Paano mo ang mga ito lilinangin?<br>5. Bakit mahalagang malinang mo rin ang iba pang uri ng talino?<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay** | **Gawain 3: Pagtukoy at Pagtataya ng Iba Pang Uri ng Talino** (Siason, 2023)<br>*Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Gawain 4:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Situwasyon ay Suriin, Talinong Kailangan ay Tukuyin!**<br>Ang guro ay maaaring magdagdag ng situwasyon na naaayon sa natititrang oras para matapos ang aralin. |
| **Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br>1. Paano maipapakita ang pagpapaunlad ng sariling talent, talino at hilig sa pamamagitan ng pagtulong sa kapuwa?<br>2. Ano ang mga benepisyo ng pagpapaunlad ng sariling talent, talino at hilig kaagapay ang kapuwa sa pagtupad sa mga tungkulin at pagbuo ng pananaw sa hinaharap?<br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Mahalagang naisusulat ang iyong mga karanasan upang magamit mong batayan sa pagpapaunlad ng tiwala sa sarili at mga kakayahan upang magtagumpay sa buhay. Punan ang mga hinihinging impormasyon. Isulat sa isang dyornal o talaarawan (*diary*). | Ang **Pagninilay sa Pagkatuto** ay maaaring gawing takdang-aralin kung kakapusin sa oras sa talakayan. Tatalakayin ito bilang bahagi ng balik-aral sa susunod na aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| |  | |

| IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **Pagtataya** | **I. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay nagpapahiwatig ng tiwala sa sarili o makapagpapaunlad sa sariling kakayahan. MALI naman ang isulat kung ito ay walang katotohanan o hindi makatutulong.<br>1. Ang pagkakaroon ng kalakasan ay mula sa pagtanggap ng mga kahinaan at pagsisikap na mapaunlad ito.<br>2. Ang pag-iisip ng mga bagay na hindi maganda kahit hindi pa nangyayari ay nakatutulong upang matanggap ang pagkabigo.<br>3. Walang pinipili sa pagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng mag-aaral upang magtagumpay sa buhay.<br>4. Hindi pagsuko sa mga hamon na dinaranas sa buhay gaano man ito kahirap.<br>5. Ang pagbabahagi ng talino at talento ay isang kasanayan para mapaunlad ang mga ito, gayundin ang makapag-ambag sa pag-unlad ng lipunan.<br>**II. Panuto: Basahing mabuti ang pahayag at hanapin sa loob ng kahon ang sagot sa bawat numero.**<br>*Verbal/Linguistic* *Social* *Social Quotient (SQ)* *Artistic* *Adversity Quotient (AQ)*<br>1. Ang kakayahan ng mga tao na harapin at malampasan ang mga masamang situwasyon. Ang sukatan ng iyong kakayahan na dumaan sa isang masusing pagsisiyasat sa buhay.<br>2. Ito ang talino sa pagbigkas o pagsulat ng salita. Kadalasan ang mga taong may taglay nito ay mahusay sa pagbasa, pagsulat, pagkukuwento, at pagmememorya ng mga salita at mahahalagang petsa. | **Sagot:**<br>**I.**<br>1. TAMA<br>2. MALI<br>3. TAMA<br>4. TAMA<br>5. TAMA<br>**II.**<br>1. Adversity Quotient (AQ)<br>2. Verbal/Linguistic<br>3. Social Quotient (SQ)<br>4. Artistic<br>5. Social |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">3. Kakayahang maimpluwensiyahan ang mga situwasyong panlipunan upang matugunan ang mahahalagang layunin ng pangkat.<br>4. Ang mga taong may mataas na interes dito ay mailalarawan bilang malaya at malikhain, mataas ang imahinasyon, at may malawak na isipan.<br>5. Ang mga nasa ganitong grupo ng interes ay kakikitaan ng pagiging palakaibigan, popular, at responsable.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>